



Hulyo 2020

PRAYMER

Sa ngalan ng poder

May dalawang taon na lang ang administrasyong Duterte. Subalit tila wala itong balak na lisanin ang poder. Sa nagdaang apat na taon, inasikaso nito ang pagpapayaman ng mga dayuhang namumuhunan at mga oligarkiya sa ekonomiya, kasama na rin ang sirkulo ng pangulo, gayundin ang pagpapatibay ng kamay-na-bakal sa pamumuno.

Lalo pang namalas ang ganitong direksyon ng gobyernong Duterte sa kung paano nito hinarap ang COVID-19. Tumampok ang maka-dayuhan, maka-negosyo, awtoritaryan at pansariling tunguhin ng kanyang rehimen sa gitna ng pinakamalalang krisis na kinakaharap ng bansa. Tahasan ding ginamit ng gobyerno ang pandemya upang ipagtulakan ang mga batas at patakaran na magsisilbi pa sa kanyang mga layunin.

Malubha ang krisis pang-ekonomiya at ang malawakang ligalig na dulot nito. Lalo lang itong sinasalubong ng administrasyong Duterte ng higit pang panlilinlang, panunupil at kontrol upang manatili. Lalo lang din lalala ang panlipunang krisis, at ito mismo ang magsisilbing hadlang sa balakin ni Duterte at ng kanyang pangkatin na maghari sa mahabang panahon.

114 Timog Avenue,
Quezon City,
1103 Philippines

Tels. +63 2 8927 7060 to 61
Fax +63 2 8929 2496

www.ibon.org

1 Paano hinarap ng administrasyong Duterte ang COVID-19?

Sobrang kapabayaang. Sa simula, itinanggi ng pamahalaan, kasama ang Department of Health (DOH) mismo, na may pangangailangang maghigpit sa byahe, laluna ng galing Wuhan, China, ang sentro ng silakbo ng COVID-19. Ipinagmalaki rin ng DOH na matibay ang sistemang pangkalusugan ng Pilipinas at walang dapat ipangamba ang bayan.

Isang buwan pa ang lumipas at idineklara ng pangulo ang *travel ban* noong kumpirmado na ang unang kaso ng COVID sa bansa – isang babaeng Chinese mula Wuhan na rumuta sa Hong Kong papuntang Pilipinas. Sa sumunod na araw, naitala sa Pilipinas ang unang pagkamatay mula sa COVID sa labas ng China – isang lalaking turistang Chinese. Isang buwan pa ang lumipas at naitala na ng Pilipinas ang una nitong lokal na kaso – isang matandang lalaki na hindi lumabas ng bansa kamakailan.

Pandemya ang COVID-19. Ibig sabihin, laganap ito sa isang buong bansa o sa buong mundo. Subalit inabot pa ng tatlong buwan pagkatapos ng pagkalat ng *virus* na ito sa iba-ibang syudad sa China bago nagkaroon ng hakbang ang gobyernong Duterte. Bago iyon ay panay pagtatanggol sa China ang inatupag nito.

Isinailalim ang buong Luzon at ilang bahagi ng Visayas at Mindanao sa isang *lockdown* na tinawag ng pamahalaan na *enhanced community quarantine* (ECQ). Ipinagbawal ang paglabas ng bahay kung hindi rin lang para sa mga esensyal na pangangailangan. Isinara ang mga eskwelahan, pagawaan, maski bukirin, mga tindahan at *shopping malls*, at pampublikong sasakyan. Maski ang pamahalaan ay inilagay sa *skeletal force*. Pero mga tauhan ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP), sa halip na mga manggagawang pangkalusugan, ang nagpatupad ng lockdown na ito.

Ipinasa ng gobyernong Duterte ang Bayanihan to Heal as One Act o Republic Act 11469. Isinasabatas nito ang mga sumusunod na mandato: pigilin ang pagkalat ng virus; bigyan ng ayuda ang mga pamilya at indibidwal na apektado ng community quarantine; palakasin ang sistemang pangkalusugan na humarap sa pandemya; agaran at sapat na magbigay ng aksyong medikal; magkaroon ng *social amelioration program* (SAP) sa lahat ng apektadong sektor; siguraduhin na may

pondo para sa mga nabanggit; at makipagtulungan sa pribadong sektor upang ihatid ang mga nabanggit.

Binigyan din ng Bayanihan si Duterte ng pansamantalang *emergency powers* para isakatuparan ang mga tugon at para pangalagaan ang kapakanan ng mga manggagawang pangkalusugan o *health frontliners*, ikoordina ang *local government units* (LGUs) sa pagresponde, ikoordina ang mga pribadong ospital, kontrolin ang mga pribadong negosyante sa pagsasamantala sa presyo, ituon ang badyet para sa COVID, at iba pang malalawak na mga kapangyarihan para sa pangulo.

Pero militarista ang pamamaraan sa pagresponde. Pinamunuan ng mga dating heneral ang kabuuang plano ng gobyernong Duterte. Tinipon ang Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF). Binuo ang National Task Force COVID-19 (NTF) at hinirang bilang tagapagpatupad ng *guidelines* ng IATF at inilatag ang National Action Plan (NAP). Ang NTF ay pinamunuan ni Department of National Defense (DND) *secretary* Delfin Lorenzana; bise nya si Department of Interior and Local Government (DILG) *secretary* Eduardo Año. Ang National Incident Command naman ng NTF ay iniatas kay Office of the Presidential Assistant on the Peace Process (OPAPP) *secretary* Carlito G. Galvez, dati ring *chief-of-staff* ng AFP.

Ibang usapin pa na si Department of Social Welfare and Development (DSWD) *secretary* Rolando Bautista at presidente ng PhilHealth na si Ricardo Morales ay mga dati ring heneral.

Tumagal ang ECQ ng 84 na araw bago niluwagan nang kaunti ng pamahalaan ang mga restriksyon sa ilalim ng tinawag nitong *general community quarantine* (GCQ). May pagluwag sa iba't ibang antas nito na ipinatupad ng LGUs sa mga syudad sa National Capital Region (NCR) o Metro Manila at sa mga karatig-bayan. Subalit nanatiling lockdown ng militar at pulis ang moda.

Lampas na ng 130 araw ang lockdown. Ito na ang pinakamatagal na lockdown sa buong mundo at isa sa pinakamalulupit, subalit tuloy-tuloy pa rin ang pagtaas ng kaso ng COVID-19 sa bansa. Lampas 76,000 na ang mga kaso at mga 1,900 na ang namatay sa huling tala. Ang unang 20,000 kaso ay naitala sa loob ng 127 araw mula sa unang lokal na impeksyon, samantalang ang sumunod na 20,000

kasong ay naabot sa loob lamang ng 18 araw. Ang huling 10,000 kaso ay sa wala pang isang linggo. Hindi bumabagal ang hawaan.

Isinailalim pa rin ng pamahalaan sa GCQ ang Metro Manila at iba pang lugar kahit naitala pa ang pinakamataas na bilang ng kaso sa isang araw na 1,046 noong Mayo 29. Nalampasan pa ang arawang bilang na ito ng 1,150 noong Hunyo 23 at 2,539 nitong Hulyo 8. Sa lagay na iyan, hindi pa nagsasagawa ng mass testing ang pamahalaan.

Sa sakit na nakakahawa, laluna kung ito ay pandemya, siyentipiko at wasto ang pagkakaroon ng mass testing, *contact tracing*, *isolation* o quarantine, at syempre, *treatment* o paggamot. Ang mass testing ay malawakang eksaminasyon para sa mga pinagsususpetsahan, health frontliners, at bulnerableng mamamayan katulad ng matatanda at mga may nauna nang sakit. Ang contact tracing ay pag-alam kung sino-sino ang mga malapit na contact o nakasalamuha (o *exposed*) ng isang nagpositibo mula sa eksaminasyon, nang sa gayon ay mailagay din sila sa quarantine, maobserbahan, at maiwasan ang panghahawa. Ang quarantine ay maaaring gawin sa bahay kung kinakayang ihiwalay ang pinagsususpetsahan, exposed o pasyente, o kaya sa isang pasilidad o ospital. Ang treatment ay isinasagawa sa ospital o *clinic* na may pasilidad at kagamitan para sa COVID-19, katulad ng *personal protective equipment* (PPE), *mechanical ventilators*, *intensive care unit* (ICU), at iba pa.

Inuna ng gobyernong Duterte ang lockdown, sa halip na alamin muna kung sino ang pasyente, pinagsususpetsahan at exposed. Kung nauna sana ang mass testing, tracing, isolation at quarantine para makita kung saan maraming kaso o mabilis itong kumalat, ay mas may batayan kung saan kailangan ang lockdown. Subalit matigas na tinanggihan ng pamahalaan ang pagkakaroon ng mass testing, bukod sa nag-atubili itong makakuha ng sapat o di kaya ay gumawa ng sariling *test kits*.

Tinarget ng pamahalaan na magkaroon ng kapasidad para sa testing na 30,000 kada araw sa pagtatapos ng Mayo. Pero walang araw na inabot ang ganoong target. Sa buong panahon ng ECQ, ang taong karaniwang isinasailalim sa test kada araw ay umabot lamang ng 5,309. Sa panahon ng GCQ, mula Hunyo 1 hanggang Hulyo 11 halimbawa, umabot lang ng 14,307 karaniwang testing ng mga

indibidwal kada araw ang nagawa. May kasalukuyang *backlog* pa sa *validation* na 25,000.

Mayroon lamang 91 *testing laboratories* na aprubado ng DOH sa buong bansa – 38 pa rito ay nasa NCR at 19 ng nasa NCR ay pribado. Sa Cebu na may pinakamaraming kaso ng COVID at pinakamaraming bagong kaso sa nakaraang dalawang linggo, mayroon lamang anim na *testing laboratories*. Apat pa rito ay pribado. Mayroon namang apat na mega swabbing centers na itinayo ang NTF na may kabuuang kapasidad na 5,000 na *testing* kada araw.

Ang ideyal naman para sa contact tracing ay masusog ang apat na malapit na contact ng bawat isang positibong kaso. Pero sa 46,333 kaso noong Hulyo 6, halimbawa, may 106,809 contact tracing lamang na naisagawa, samantalang kung tutuusin sa ganoong bilang ng kaso ay dapat 185,332 ang isinasagawang contact tracing. May target din ang pamahalaan na mag-deploy ng 135,000 *staff* para magsagawa ng contact tracing, pero 52,355 pa lang ang naorganisa nito sa mga pasilidad para sa COVID *testing* sa buong bansa. Wala ring kakayahan ang NTF na bigyan sila ng tamang pagsasanay.

Mas masahol ang kawalan ng kahandaan at ang pagpapabaya ng pamahalaan sa paggamot ng mga pasyente. Ang sistemang pangkalusugan ng Pilipinas ay mayroon lamang 456 na pribado at pampublikong ospital na may kakayahan para sa *respiratory issues* na magiging resulta ng matinding COVID. May 67,119 na kama ang mga ito – 59% ay pribado at 41% ang pampubliko. Mayroon namang 450 ICUs sa bansa na may 2,335 kama. Mayroon lamang 1,805 mechanical ventilators ang buong bansa. Batay sa isang pag-aaral ng University of the Philippines (UP), may 51,933 pasyente sa rurok ng impeksyon ng COVID ang mangangailangan ng *oxygen therapy* at ICU. At dahil inookupa rin naman ang mga nabanggit na pasilidad ng mga pasyenteng may iba pang sakit, sobrang kukulangin ang kapasidad ng sistema upang saluhin ang mga kaso ng COVID.

Sa ngayon, ayon sa datos ng DOH, sa buong bansa ay mayroon lamang humigit kumulang 1,200 pasilidad at 15,989 kama (1,383 para sa ICU; 10,733 para sa isolation; 3,873 sa *ward*) na nakatuon sa COVID. Sa NCR, 177 ang pasilidad at 5,132 ang kama para sa pandemya – 82% na ang okupado sa huling tala.

Sobrang kapabayaang din ang nangyayari sa health frontliners. Umabot na ng 4,187 ang health frontliners na nagpositibo sa COVID-19 - kalahati ay mga doktor at nars. Malaking bagay dito ang kawalan ng mga PPE at mismong test kits para sa mga health frontliners, kakulangan ng guidelines at pagsasanay mula sa DOH, at syempre ang dami ng pinapasan na trabaho ng mga manggagawang pangkalusugan.

Nagpatumpik-tumpik ang pamahalaan sa pagbili ng PPE at test kits, at sa katagalan ng ECQ at GCQ ay kulang pa rin ang mga ito. Nagkaroon pa ng anomalya sangkot ang DOH sa pagbili ng mga PPE, test kits at mga makina para rito. Kinuwestiyon ng ilang senador ang doble-dobleng presyo ng mga ito kumpara sa mga makikita sa pamilihan o di kaya ay sa mga nabili ng mga pribadong ospital. Noong una ay pinaimbestigahan ni Duterte ang anomalya, pero kalaunan ay inako nya ang responsibilidad at ipinagtanggol ang DOH. Bago noon ay hinihingi rin ng mga senador na magbitiw na lang si DOH secretary Francisco Duque sa sobrang kapalakan, subalit pinanatili pa rin sya ni Duterte.

Bukod sa kakulangan ng PPE para sa mga manggagawang pangkalusugan, kulang din mismo ang kanilang bilang. Mayroon lamang 3.7 doktor at 8.2 nars kada 10,000 populasyon ang Pilipinas. Mababa ito sa pamantayan ng World Health Organization (WHO) na 10 doktor at 10 nars sa kada 10,000 tao. Mayroon lamang 40,775 doktor at 90,308 nars sa buong bansa. Ayon sa pag-aaral ng UP, sa rurok ng impeksyon ng COVID at pangangailangan ng kritikal na pag-aalaga, 21% ng kasalukuyang bilang ng mga manggagawang pangkalusugan ang kakailanganing nakatuon sa COVID. Paano ito mangyayari kung bago pa man mag-COVID ay sobra-sobra na ang trabaho at pagod ng mga manggagawang pangkalusugan?

Sinubukan ng gobyernong Duterte na magrekrut ng dagdag na mga health frontliners, subalit sa sahod na Php500 kada araw na mababa pa sa minimum na sahod sa NCR. Walang naakit ang alok na ito, maski pa halos pumayag ang pamahalaan na kahit walang lisensyang medikal ay maaaring mag-*apply*. Pinirmahan naman ng pangulo ang bonus para sa health frontliners na 25% ng kanilang kasalukuyang sweldo, subalit napakaliit nito sa panganib na kanilang pinapasok, laluna at kulang naman ang PPE at ibang kagamitan.

Isa-isa nang nahahawa ng COVID ang mga manggagawang pangkalusugan, at malaking bilang sa kanila ang namamatay sa sakit. Subalit maski ang *death*

benefits na mandato sa Bayanihan ay inabot pa ng mahigit dalawang buwan bago maibigay sa kanilang mga pamilya.

Hindi rin napanindigan ng Philippine Health Insurance Corporation o PhilHealth ang kanyang *no balance billing policy*. Mula Enero, umabot lamang ng Php41.8 bilyon ang *reimbursement* nito sa 4.3 milyong claims, o karaniwang Php9,700 kada claim. Sa simula naman ng pandemya, nagtukoy ang PhilHealth ng minimum na halaga na Php14,000 para sa mga magpapagamot ng COVID. Pero simula Abril 15, ginawa ito ng PhilHealth na *case rate package* na lamang, mula Php43,997 para sa *mild pneumonia* hanggang sa Php786,384 para sa *critical pneumonia*. Sa huling ulat, mayroon lamang 4,472 *claims* para sa ospitalisasyon - 173 pa lamang ang bayad na nagkakahalaga ng Php 26.5 milyon samantalang prinoproseso pa ang 4,299 claims. Mayroon ding 4,701 claims para sa testing at tinatanyag humigit-kumulang 400 pa lamang ang bayad batay sa ulat ng Office of the President (OP) sa kongreso noong Hunyo 15.

Sa kakulangan ng ICU sa pampublikong ospital at haba ng *confinement* ng may sakit ng COVID, pupunta ang pasyente sa pribadong ospital at maaaring abutin ang gastusin ng Php800,000 hanggang Php2 milyon. Hindi na kataka-taka kung ang mahihirap na malubha na ang kalagayan ay hindi na lang magpa-*confine*.

Tumampok ang mistulang kapalpakan mismo ng sistemang pangkalusugan sa Pilipinas. Dulot ito ng sadyang patakaran ng pamahalaan sa sektor. Pribatisasyon at komersyalisasyon ang patakaran para sa kalusugan sa halip na patatagin ito bilang panlipunang serbisyo. Sa pinirmahang batas ni Duterte, ang Universal Health Care (UHC), ang serbisyong pangkalusugan ay nakabatay lamang sa *insurance* o PhilHealth sa halip na direktang pagbibigay ng serbisyo sa pamamagitan ng pagpapatayo ng mga pasilidad at pagpapalakas sa mga manggagawang pangkalusugan. Kaakibat ng patakarang pribatisasyon ang pagliit ng badyet ng gobyernong Duterte para sa kalusugan. Sa katunayan para sa 2020, binawasan pa ng pamahalaan ang badyet nito para sa mga epidemya o mga sakit na lamanap sa isang komunidad.

Samantala, sobrang kapabayaang pagdaramot at kawalan ng pakialam ang tugon ng gobyernong Duterte sa mamamayan at mga sektor na apektado ng lockdown. Nangako itong mamamahagi ng ayuda na Php5,000-8,000 kada buwan sa 18

milyong pamilya. Dalawang buwan ang tinarget na ayuda. Problemado ito dahil apat na buwan na ang tinatakbo ng lockdown.

Sa apat na buwang lockdown, 17.6 milyong pamilya ang nakatanggap ng Php99 bilyon na isang buwang ayuda. Katumbas ito bale ng Php5,641 bawat pamilya o Php46.24 sa bawat pamilya kada araw, sobrang mababa sa kailangan ng isang pamilya para mabuhay. Napagdesisyunan na rin ng IATF na hindi na bibigyan ng pangalawang buwang ayuda ang mga kabahayan o benepisyaryo na nasa GCQ. Naging 12 milyong benepisyaryo na lang ang target na 18 milyon, ibig sabihin wala nang aasahang pangalawang buwang ayuda ang 6 na milyong pamilya. Napagdesisyunan din ng IATF na sasamahan ng AFP at PNP ang DSWD sa distribusyon ng pangalawang buwan. May 3.2 milyon pa lamang sa nalalabing 12 milyong target ang naka-dalawang buwang ayuda.

Samantala, may tinukoy ang DSWD na dagdag 5 milyong benepisyaryo na tinawag nitong *wait-listed* na wala pa diumano maski isang buwang ayuda ang natanggap. Subalit 3.5 milyon na lamang sa mga ito ang makakatanggap ng dalawang buwang ayuda, ayon sa IATF. May 1.2 milyon pa lamang ang nakatanggap sa mga wait-listed.

Namahagi rin diumano ang pamahalaan ng ayuda sa 98,132 drayber ng Php8,000 bawat isa sa buong katagalan ng lockdown. Bukod sa kulang ang bilang ng mga apektadong drayber ay sobrang liit din ang natanggap nila, katumbas ng Php65.57 kada araw sa bawat pamilya.

Sa ilalim ng Department of Labor and Employment (DOLE) COVID-19 Adjustment Measures Program (CAMP) Abot-Kamay ang Pagtulong (AKAP) para sa mga migranteng manggagawa (OFW), target nito na makatulong sa 250,000 OFWs na may alokasyon na Php2.5 bilyon. May 176,082 pa lamang na OFWs ang natulungan sa halagang Php1.8 bilyon, samakatuwid sa halagang Php10,217 ang bawat pamilya.

Ang Department of Agriculture (DA) naman ay naglaan diumano ng Php3 bilyon para sa 591,246 magsasaka sa ilalim ng Financial Subsidy for Rice Farmers (FSRF). Napakaliit ng bilang ng magsasaka na tinarget na mabigyan ng ayuda samantalang tinatayang 2.5 milyon ang apektado ng lockdown. Kakarampot lang

din ang natanggap ng bawat isa – Php5,074 sa buong tagal ng lockdown. Higit sa lahat, ang FSRF ay dati nang programa ng DA bilang pansagip sa namamatay na kabuhayan ng mga magsasaka dulot ng liberalisasyon ng imported na bigas. Ibig sabihin, walang bagong alokasyon na inilaan ang gobyernong Duterte para sa pagtugon sa COVID.

Sa ilalim naman ng Small Business Wage Subsidy (SBWS), Hunyo na nang naipamahagi ang Php22.5 bilyon sa 3 milyong benepisyaryo, katumbas ng Php7,636 bawat isa. Sa pangalawang buwan ay mas maliit – Php7,246 lamang bawat benepisyaryo. May ilang nadoble rin daw na nakatanggap na mula sa CAMP ng DOLE kaya dapat ibalik ang mga natanggap. Anupaman, bukod sa napakaliit – humigit-kumulang Php120 kada araw sa isang pamilya – pakinabang rin ito ng mga may-kayang kompanya na hindi na lang magpasweldo habang naka-lockdown.

Inilista naman ng iba pang mga ahensya ang kani-kanilang programa para diumano sa COVID – sa agrikultura at pangisdaan, maliliit na negosyo, proteksyon sa konsyumer, tubig at enerhiya, at iba pa. Pero kung tutuusin ay matagal nang ginagawa ang mga ito at mayroon nang badyet dati pa. Ipinapakita lamang nito na walang dramatikong idinagdag ang gobyernong Duterte sa pagharap sa pandemya, maski pa binigyan ng emergency powers ang pangulo. Ipinapakita rin nito na sa katunayan ang mga regular na programa ng pamahalaan ay pang-sagip sa mga sektor (pang-emergency kumbaga) na biktima ng pananalasa ng mga patakarang neoliberal.

Sa mga sektor na sadyang mangangailangan ng dramatikong interbensyon, maliban sa kalusugan, katulad ng transportasyon at mobilidad, edukasyon, at pabahay, hindi magkandaugaga ang pamahalaan. Patong-patong rin ang kapalpakan at kawalan ng kahandaan para sa transisyon ng mga ito para makaagapay sa panahon ng COVID.

Nariyan ang libo-libong pasaherong *stranded* dahil sa kawalan ng masasakyan. Nariyan ang mga umuwing OFWs na siksikan sa mga pasalidad ng quarantine, walang matuluyan, at stranded din sa Kamaynilaan. Maski ang mga programang Hatid-Probinsya at Balik-Probinsya na maghahatid ng mga OFW at ibang lokal na manggagawa pauwi sa kani-kanilang mga probinsya ay hindi umubra sa kakulangan ng transportasyon, serbisyong pangkalusugan, at syempre ng

dadatnan na kabuhayan. Ang sistema naman ng edukasyon ay hindi rin handa sa tinatawag na *online learning*, gayong matagal na rin itong batbat ng kakulangan ng pasilidad, kagamitan, at maayos na kurikulum. Sa huli, itinaon naman sa pandemya ng PNP at mga lokal na pamahalaan ang demolisyon ng mga pamayanan ng mga maralitang-lunsod.

Kanya-kanyang pamamahagi ng *relief packs* ang mga LGU. Binigyan ng pamahalaan ng sariling diskarte ang mga LGU pero sa diwa pa rin ng debolusyon at limitadong kalayaang gumastos ng lokal na kita. Tumampok tuloy kung sino-sino ang may tunay na serbisyo at malasakit at sino-sino naman ang namumulitika lamang sa tradisyon ng patronahe.

Tatlong buwan ang Bayanihan mula Marso 23 hanggang Hunyo 24, subalit tumaas lang ang kaso sa mga bansang ASEAN o Association of Southeast Asian Nations. Tumaas na rin ang bilang ng kaso sa mga syudad sa Visayas at labas ng Metro Manila. Napakabagal at kakarampot ang isinagawang pagpapalakas sa sistemang pangkalusugan at ang ibinigay na ayuda at SAP sa mga apektadong mamamayan. Hindi rin namaksimisa ng pamahalaan ang tulong o kooperasyon ng mga pribadong organisasyon, kasama ang mga *non-government organizations* (NGOs) at *people's organizations* (POs) na masigasig na nagbigay ng ayuda at relief packs sa sarili nilang pagsisikap. Sa halip ay naghigpit pa ang DSWD sa mga ito at inaresto pa ang iba, dinala sa mga istasyon ng PNP, at kinasuhan ng kung-ano-ano.

May badyet na Php374.9 bilyon ang tugon ng gobyernong Duterte sa COVID, bagamat hindi malinaw ang alokasyon ng kabuuang halaga. Hindi rin masubaybayan kung paano at saan ito ginastos ng pamahalaan. Sa huling interbyu ng Department of Budget Management (DBM), Php374.8 bilyon na raw ang nagagastos ng pamahalaan para sa COVID. Bukod sa iniulat na Php175 bilyon para sa SAP at iba pang ayuda, saan kaya napunta ang balanseng Php199.8 bilyon. Wala rin namang mass testing na nagawa at wala ring substansyal na bilang ng mga PPE at kagamitan ang nabili.

2 Ano-ano ang mga hakbang pang-ekonomiya na ipinatupad ng pamahalaan sa harap ng pandemya?

Ang pagsalba sa malalaking negosyo, pangungutang para rito, at pagpapatuloy ng neoliberalismo. Malaking salik ang halos pagsasara ng mga negosyo dahil sa lockdown sa desisyon ng gobyernong Duterte na paluwagin na ang restriksyon mula ECQ tungong GCQ. Malaking *dilemma* ito para sa gobyernong Duterte dahil wala namang siyentipikong batayan na napigilan na nga ang virus. Subalit matindi ang presyur mula sa malalaking negosyante at mismong *economic managers* ng pamahalaan na buksan nang muli ang negosyo.

Ang mga manggagawa ang esensyal na bubuhay ng negosyo at ekonomiya, parehas sa panig ng produksyon at konsumpsyon. Mahalaga ang kalagayan ng mga manggagawa – ang kalusugan at lakas nilang magtrabaho sa isang banda at ang kapasidad nila sa konsumpsyon sa kabilang banda. Samakatuwid, dilemma ito dahil wala namang ginawa ang pamahalaan para siguraduhin na ligtas ang mga manggagawa sa pagkakahawa at para magbigay ng sapat na ayuda sa nawala nilang kita at kabuhayan. Ni hindi nga naibigay ng gobyerno ang transportasyon sa unang araw ng GCQ para makapasok ang mga manggagawa sa trabaho.

Sa halip na pagtuunan ng pansin ang kahalagahan ng mga manggagawa sa pagbuhay muli ng ekonomiya, itinulak ng economic managers ang Philippine Program for Recovery with Equity and Solidarity (PH-PROGRESO) na diumano'y nagkakahalaga ng Php1.7 trilyon o 9.1% ng GDP. Lubhang pinalobo ang halagang ito ng pagdo-double-count ng mga hakbang at pagkukunan ng pondo para dito, paghalo sa aktwal na gastos ng halaga ng di-kinolektang buwis o taripa, at pagdagdag dito ng halaga galing sa mga transaksyon. Kung titilarin, ang Php1.7 trilyon ng PH-PROGRESO ay binubuo ng Php53.4 bilyon para sa sistemang pangkalusugan, Php335.3 bilyon para sa ayuda, at Php260.1 bilyon na emergency support sa mga empresa. Maling inihalo dito ang Php233 bilyong dagdag na liquidity at Php861.8 bilyon na financing.

May tatlong instrumento para isakatuparan ang PH-PROGRESO: ang inaasahang ipapasang ekstensyon ng Bayanihan o ang Bayanihan II, ang Corporate Recovery and Tax Incentives for Enterprises Act (CREATE), at ang 2021 General Appropriations Act (GAA) o badyet sa susunod na taon. Layon ng Bayanihan II na pasiglahin ang konsumo at bigyan ng garantiyang pautang at suportang kapital ang mga empresa. Layon naman ng CREATE na bawasan ang corporate

income tax ng mga kompanya at lokal at dayuhang namumuhunan. Sisiguraduhin naman daw ng pamahalaan sa pamamagitan ng 2021 GAA na tuloy-tuloy ang economic recovery. Sa PH-PROGRESO, may laang Php460 bilyon ang Bayanihan II at CREATE bilang suporta sa mga empresa pero wala sa ayuda at sistemang pangkalusugan.

Hindi pokus sa suporta sa konsumo (sa porma ng ayuda) ang nakasalang na Bayanihan II sa Kongreso. Bukod sa tinatayang maliit na halaga na lamang (Php140 bilyon sa taya ng Senado, Php162 bilyon sa taya ng Kongreso) ang kayang alokasyon para rito, nakatuon ang Bayanihan II sa pautang, subsidyo at *grants* para sa pangangailangan sa online learning, tulong pampinansya sa *online selling o commerce*, at panimulang kapital para sa mga *micro, small and medium enterprises* (MSMEs). Kasama rin ang pagbibigay tulong at pautang sa mga industriya ng *entertainment*, transportasyon, agrikultura, at turismo.

Sa pamamagitan ng CREATE, binibigyan ng pamahalaan ang mga kompanya ng kaluwagan sa pagbibigay ng buwis na nagkakahalaga ng wala-pang-kapantay na Php667bilyon.

Malaking kapakinabangan ito para sa malalaking korporasyon – 75% ng CIT ay mula sa kanila. Samantala, mas maliit ang pakinabang sa CREATE ng maliliit na negosyo, na 88% ng kabuuang bilang ng mga empresa sa bansa, sa CREATE. Limitado sa may 9 na milyong manggagawa lamang na nasa formally-registered na MSMEs ang masasaklaw ng CREATE.

Samantala, binibigyan pa rin ng mga economic managers ng higit na papel ang programa sa imprastruktura ng administrasyong Duterte na Build, Build, Build (BBB). Sa simula't sapul, ang BBB lang ang alam ng administrasyon na maaaring maging economic stimulus sa bumabagal na ekonomiya. Sa panahon ng COVID na kung saan pabulusok na ang ekonomiya, BBB pa rin ang ipinagduduldulan. Para maituloy ito, sobrang insentiba at pang-eengganyo ang binibigay sa malalaking korporasyon ng imprastruktura, konstruksyon, transportasyon, turismo, enerhiya, at iba pa.

Babaguhin daw ng pamahalaan ang listahan nito ng 100 *infrastructure flagship projects* (IFPs) o mga prayoridad para makatuon sa COVID-19, subalit hanggang ngayon ay wala pa itong pagbabago. Sa *pre-SONA forum* ng economic managers,

sige pa ring ipinangangalandakan ng administrasyon ang mga natamo nito sa imprastruktura, habang wala namang nakapokus sa pandemya at krisis pang-ekonomiya.

Ang totoo, maski ang BBB na sya na ngang economic stimulus ay hindi rin umuusad. Mula 75 IFPs, ginawa itong 100 para mas marami raw ang kayang tapusin. Subalit sa ngayon, dalawa pa lang ang tapos, ang isa pa rito ay nasimulan noong 2009 pa. Sa 100, tinatayang 38 lang talaga ang matatapos sa dulo ng termino ni Duterte.

Karamihan (73) sa 100 IFPs ay para sa transportasyon at mobilidad, 10 para sa *water resources*, 9 sa *urban development*, 6 sa *information and communication technology* (ICT), at 2 sa enerhiya. Samakatuwid, pawang pampanganda ng ekonomiya sa mata ng mga namumuhunan at negosyante at wala para sa panlipunang serbisyo, maski isang ospital o pasilidad para sa kalusugan man lamang. Sa panahon ng COVID, lalo pang naging impertinente ang mga proyekto ng BBB. Dahil sa restriksyon sa pagbyahe at *physical distancing*, asahang babagsak din ang transportasyon, mga byahe, turismo, *real estate*, dayuhang kalakalan, at dayuhang pamumuhunan – ang mga sektor na pinagsisilbihan ng BBB.

Nagkakahalaga ng Php4.3 trilyon ang 100 IFPs. Mahigit kalahati rito (Php2.4 trilyon) ay kukunin sa *official development assistance* (ODA), utang sa madaling salita; Php1.7 trilyon mula sa *public-private partnerships* (PPP), pangunahing moda ng pribatisasyon sa imprastruktura; at Php172 bilyon mula sa GAA o kaban ng bayan. Sa madaling salita, nakaasa sa pautang ng ibang bansa at mga multilateral na institusyon at pondo ng pribadong sektor ang BBB. Nagpapamalas din ito ng kawalan ng kapasidad ng pamahalaan para isagawa ang grandiyosong mga proyekto. Sa kalaunan kapag natapos ang imprastruktura, babayaran ito ng mamamayan sa pamamagitan ng kanilang mga buwis at bayarin mula sa kanilang paggamit ng mga imprastrukturang ito.

Bukod sa pagluwag sa pagbubuwis at iba pang insentiba para sa malalaking korporasyon, habang nasa pandemya ang bansa, naging aktibo rin ang gobyernong Duterte sa interbensyon nitong magbuhos ng kapital sa ekonomiya sa pamamagitan ng pangungutang. Mula Marso 13 hanggang sa huling tala, nakautang ang pamahalaan ng US\$9.5 bilyon (o katumbas ng Php477 bilyon sa

palitan), subalit US\$3.5 bilyon lamang dito ang para sa COVID-19. Ang kalakhan ay pang-suporta sa badyet ng pamahalaan at para sa mga proyektong pang-imprasktraktura. Mula sa Asian Development Bank (ADB), World Bank, Japan International Cooperation Agency (JICA), Asian Infrastructure Investment Bank (AIIB), at Agence Française de Développement (AFD) ang mga utang.

Lumobo ang utang ng gobyerno sa Php8.9 trilyon nitong Mayo 2020 mula Php7.8 trilyon noong simula ng taon. Ang nadagdag na Php1.1 trilyon sa loob lamang ng limang buwan ay lampas-lampasan sa mga taunang dagdag sa nakaraang tatlong taon. Pumalo sa Php1.5 trilyon ang kabuuang pangungutang (*gross borrowings*) ng gobyernong Duterte samantalang ayon sa kanyang target na badyet para sa buong taon ay dapat Php1.4 trilyon lang ang gross borrowings ng pamahalaan. Kumpara sa administrasyong Arroyo at Aquino, ang administrasyong Duterte na ang pinakamalakas mangutang – Php63 bilyon kada buwan, tatlong beses at higit pa ng kina Arroyo (Php21 bilyon kada buwan) at Aquino (Php19 bilyon kada buwan).

At katulad ng nabanggit, malaking bahagi ng utang ay hindi naman para sa COVID kundi bilang economic stimulus na nakasalalay sa impertinenteng BBB. Malinaw din naman ito sa mga nagpapautang – ang mahalaga sa kanila ay hindi maantala ang pagpapatupad ng gobyernong Duterte ng mga proyekto at patakaran na papabor sa mga dayuhang namumuhunan at malalaking korporasyon. Kaya naman sa harap ng hindi humuhupang pandemya, mas itinulak pa ng administrasyong Duterte ang mga patakaran at batas na lalo pang magtataguyod ng neoliberalismo – ang prinsipyong sya rin namang nagpahina sa kakayahan ng bansa na humarap sa pandemya at iba pang krisis. Ipinakete ang mga ito bilang tugon diumano sa pandemya at tinawag pang ‘*new normal*’.

Sa agrikultura, halimbawa, sa ilalim ng Plant, Plant, Plant na programa na diumanong tugon ng DA sa COVID, mas ipinilit ang patakaran na nakatuon ang agrikultura sa palengke at kalakalan sa halip na pagpapatibay ng produksyon. Lalo ring ipinilit ng DA ang pagbebenta ng mga binhi, input, makina at teknolohiya na dagdag lang na pasanin ng mga magsasaka. Dinagdagan rin ng DA ang target nitong importasyon ng bigas para diumano sa hamon ng COVID kahit pa ang ibang bansa ay tumigil muna sa pagbebenta ng sarili nilang mga produkto. Nagbukas din ang gobyernong Duterte sa importasyon ng iba pang pagkain kahit mayroon

namang lokal na produksyon. Higit sa lahat, ipinagpatuloy ng gobyerno ang BBB, konstruksyon, real estate at turismo – mga proyekto na nagtutulak ng kumbersyon ng gamit ng lupa mula sa agrikultura at pagkain.

Sa paggawa naman, ipinasa ng DOLE ang Labor Advisory No. 17 na nagbigay ng permiso sa mga empresa na magpatupad ng mga pleksibleng *work arrangements* katulad ng paglipat sa ibang sangay ng kompanya o ibang gawain, pagbawas ng oras ng trabaho, *job rotation*, at iba pa. Pinayagan din ng DOLE na magbawas ng sweldo ang mga kompanya kung kinakailangan. Tahasang paglabag ito sa mga karapatan sa paggawa at idinadahilan ang pandemya, at tahasan ring pagtutulak ng mga dati nang maling ginagawa ng mga kompanya kahit noong wala pang COVID.

Pinagsamantalahan din ng pamahalaan ang okasyon para itulak ang matagal na nitong planong *jeepney modernization*. Gusto ng Department of Transportation (DOTr) na *i-phase out* na ang mga lumang tradisyonal na dyip kung hindi nila papalitan ang mga kaha at makina ayon sa pamantayan ng ahensya. Kailangan ding pumasa sa *road test* ang tradisyonal na dyip para makapagpatuloy ng pasada. Dapat ding bumuo ng 15 yunit para mabigyan ng isang prangkisa. Ang mga modernong dyip lang ang papasa sa mga ganitong rekisito, at dahil nagkakahalaga ang bawat isa ng Php1.6 hanggang Php2.5 milyon, ang mga korporasyon lamang ng sasakyan ang makakapagpatakbo ng prangkisa.

Hindi na pinayagang pumasada ang mga lumang dyip kahit noong GCQ. Idinadahilan ang pandemya at physical distancing, subalit maliwanag na iginigiit lang ng DOTr ang matagal na nitong balak na makaakit ng dayuhang pamumuhunan sa transportasyon at mapadaloy ang pagbebenta ng mga imported at makabagong dyip.

Nakasalang naman sa Senado bilang prayoridad ang House Bill 78 na aamyenda sa Public Services Act o PSA. Gusto nitong paliitin ang depinisyon ng public utilities sa ilang sektor na lamang nang sa gayon ay maikutan ang restriksyon ng Konstitusyon sa pagmamay-ari ng dayuhan sa public utilities. Nililimita ito sa transmisyon at distribusyon ng kuryente at waterworks o sewerage. Ang transportasyon at telekomunikasyon ay ilan sa mga nalalabing sektor sa public services na nais buksan ng pamahalaan sa dayuhang pagmamay-ari.

Hindi na rin nakakapagtaka kung ang *Charter change* o Cha-cha naman ang isunod ng gobyernong Duterte at ipapakete nya itong tugon sa COVID. Nakaambang buksan din sa 100% dayuhang kontrol ang mga sektor katulad ng *mass media* at *broadcasting*, *advertising*, transportasyon, telekomunikasyon, at maski ang edukasyon. Sa huli, maitutulak pa rin ang matitindi at mapanirang mga patakarang neoliberal, wala man o mayroong sakit ang Pilipinas.

Kung kaya't hindi kapanipaniwala ang sinasabi ng pangulo na sumasakit ang ulo nito sa kaiisip kung saan kukunin ang pera para tumugon sa krisis pangkalusugan, gayong mas malaking pera ang ibinubuhos ng administrasyon para isalba ang tubo. Desperado nitong binubuhay ang ekonomiya para sa mga oligarkiya. Garapalan din na sa gitna ng pagkawala ng kita at kabuhayan ng mga tao ay naisipan pa ng gobyerno na buwisan ang online commerce, *digital transactions*, langis, matamis na inumin, *junk food*, at kung ano-ano pa.

May pera kung tutuusin – Php667 bilyon ang paubayang buwis sa malalaking kompanya. Sa kagyat, nariyan ang badyet para sa BBB na maaaring i-realign (Php989 bilyon) o ang badyet na nakalaan na pambayad ng prinsipal (Php582.1 bilyon) at interes (Php451 bilyon) ng utang ngayong taon. Sa mga halagang ito, marami na sanang mabibiling test kits at PPE at milyong-milyon na ang maaalagaan sa mga ospital.

3 Gaano kalubha ang krisis pang-ekonomiya?

Pinakamalalang pagguho sa kasaysayan. Wala pang katulad ang sadyang pagpigil sa galaw ng ekonomiya. Kinontrol ang mamamayan at hinigpitan ang aktibidad sa kabuhayan. Ito rin ang pinakamalawak at pinakamatagal na lockdown – tinatayang 73% ng ekonomiya ng bansa ay nasa Luzon.

Nagdudulot ang lockdown ng pagkawala ng kita, pagkaputol ng produksyon at suplay, pagtaas ng utang ng mga pamilya at negosyante, tanggalan, at pagkabangkarote at pagsasara ng mga empresa. May tendensyang paigtingin ng mga kaganapang nabanggit ang isa't isa sa mahabang panahon.

Subalit bago pa nagka-COVID ay iniinda na ng ekonomiya ng Pilipinas ang mga pundamental nitong kahinaan na lalong pinalala ng apat na dekada ng

pagpapatupad ng mga patakarang neoliberal. Marupok ang produktibong sektor ng ekonomiya, nakatuon ito sa sektor ng serbisyo (ang kalakhan pa ay *informal* at hiwa-hiwalay), at nakaasa sa dayuhang kapital. Hindi ito makalikha ng makabuluhang empleyo at kabuhayan at hindi makapagmobilisa at makapagpalawak ng lokal na kapital. Atrasado ang ekonomiya ng Pilipinas.

Bago pa man mag-COVID, bumabagsak na ang bahagi ng agrikultura at manupaktura sa *gross domestic product* (GDP) o kabuuang lokal na produksyon ng bansa. Sisenta porsyento (60%) ng GDP ay sektor ng serbisyo. Pinakamalaki ang bultuhang kalakalan at pagtitingi, kasunod ang pinansya at insurance, real estate at pagpapaupa, serbisyong propesyonal at pang-negosyo, at pampublikong administrasyon at depensa. Mahalaga naman sana ang sektor ng serbisyo kung nakabatay ito sa sariling produksyon ng bansa, subalit dahil walang malaking bahagi ang lokal na agrikultura at manupaktura, nagmimistulang komprador na ekonomiya lamang ang Pilipinas.

NagHINGALO sa 1.2% na paglago ang agrikultura noong 2019. Tatlong taon nang bumabagal ito matapos panandaliang makarekober noong 2017. Tubo at palay ang may pinakamalalaking pagbagsak noong 2019 – -8.9% sa tubo at -5.9% sa palay. Negatibo rin ang *cassava*, saging at kape. Ang taunang abereyds na paglago nito noong 2017-2019 na 2.2% ay mas mababa sa taunang abereyds na 3.5% sa nakaraang 70 taon. Noong 2017-2019 din naglaho ang 1.4 milyong trabaho sa sektor, walang-kapantay sa kasaysayan. Malinaw na nasa krisis ang sektor.

Sa unang kwarto ng 2020, bumagsak ang agrikultura nang 0.4 porsyento. Hinatak ito ng pagbagsak ng mga pangunahing butil, prutas at pangisdaan, at pagbagal ng produksyon sa mga manukan at babuyan. Kalahating buwan pa lamang ang lockdown sa lagay na iyan.

Bumagal din ang manupaktura sa 3.2% na paglago noong 2019 mula sa ipinagbubunying 8% noong 2017 at 5.1% noong 2018. Nakaasa ang manupaktura ng bansa sa mga dayuhang korporasyon na nagproprodyus para sa pandaigdigang pamilihan. Dugtong lamang ang Pilipinas sa tinatawag na *global value chains* at gumagampan ng yugto ng produksyon para sa eksport. Kaya naman mababa lang ang dagdag-na-halaga na naiwan sa bansa at nasa porma ito ng mababang sahod, habang walang naiwang lokal na kakayahan at kapital para sa pagpapatibay ng industriyang Pilipino. Noong 2019, nabawasan pa ng 7,000

trabaho ang sektor ng manupaktura. Apektado ang manupakturang nakatuon sa eksport ng matagalang krisis sa pandaigdigang kalakalan at pamumuhunan na ramdam na bago pa man magka-COVID.

Sa unang kwarto ng 2020, tuluyan nang bumulusok nang 3.6% ang manupaktura ng Pilipinas. Unang pagkakataon ito mula noong nakaranas ang sektor ng teknikal na resesyon noong 2009 sa panahon ng pandaigdigang krisis ng monopolyo kapital. Mas malupit ang inaasahan sa mga darating pang kwarto ng 2020 at sa matagal na panahon.

Ang sentro ng aktibidad at kung saan nagpapayaman ang oligarkiya sa ekonomiya ang pinagtuunan ng pamahalaan ng pansin – kalakalan, konstruksyon, real estate, *shopping malls*, *hotels*, *restaurants*, *condominiums*, tubig, kuryente, mga bangko at institusyong pampinansya, pagbebenta ng mga sasakyan, ICT, at pasugalan. Subalit noong 2016-2018, kapansin-pansin ang pagbagal ng sektor ng serbisyo mula 8.2% noong 2016, 7.4% noong 2017, at 6.7% noong 2018. May panandaliang pagbilis nang 7.5% noong 2019, subalit halos tumigil ito sa 1.4% nitong unang kwarto ng 2020 kumpara sa 7.1% na paglago sa unang kwarto ng 2019. Ang mga aktibidad sa ilalim ng sektor ang lubhang maaapektuhan ng lockdown at physical distancing.

Ang administrasyong Duterte ay walang pinag-iba sa naunang mga administrasyon sa pag-asa sa panlabas na salik para palaguin ang ekonomiya. Buhos-lakas ito sa pang-aakit ng dayuhang pamumuhunan sa manupaktura ng eksport, sa pagtatayo ng mga opisina ng *business process outsourcing* o BPOs, sa real estate at konstruksyon, sa *utilities* katulad ng tubig at kuryente, sa pagkuha ng likas na yaman, sa turismo, at kamakailan sa desperasyon, sa pag-aalay ng opisina para sa pasugalan o *offshore gambling*. Kung kaya't maituturing na mababaw ang paglago ng GDP sa mga nagdaang dekada. Hindi ang dayuhang pamumuhunan, lalupa't sa mga sektor na nabanggit, ang magbibigay ng malalim at sustenidong pag-unlad.

Ipinagpapatuloy din ng administrasyong Duterte ang *labor export policy* at pagdeploy ng mga *overseas Filipino workers* o OFWs dahil nakaasa ang bansa sa *remittances* o padalang dolyar ng mga migranteng manggagawa. Hindi rin ito ang magbibigay sa bansa ng sapat na kapital o lokal na pamumuhunan para pasiglahin

ang produksyon. Ang OFW remittances ay pampasigla ng konsumpsyon ng kanilang naghihikahos na mga pamilya.

Ang mas masaklap, bago pa nag-COVID, ang pamumuhunan at kita mula sa eksport at BPOs at ang halaga ng OFW remittances ay tatlong taon nang tuloy-tuloy na bumababa, simula nang maupo si Duterte. Noong simula ng 2019, napilitan ang IT and Business Process Association of the Philippines (IBPAP) na *i-recalibrate* ang 2017-2022 target nito na paglago ng sektor ng BPO sa taunang abereyds na 7.5% dahil sa sobrang pagbagal nito sa 2.2% noong 2017 mula sa 8% noong 2016. Pero inabot lang ng 6% paglago ang sektor noong katapusan ng 2019. Nagkakahalaga ang kita ng sektor ng US\$26.3 bilyon.

Inoobserbahan pa na hindi maaapektuhan ng COVID ang sektor ng BPO dahil maaari namang *work-from-home* ang work arrangements. Tinitingnan din kung makikinabang ang sektor sa pagbaling ng ekonomiya sa online commerce. Pero hindi maikakaila na sa pangkalahatan kumokonti ang dayuhang pamumuhunan sa bansa.

Ang netong *foreign direct investment* (FDI) noong 2019, na nagkakahalaga ng US\$7.6 bilyon, ang pinakamababa sa loob ng apat na taon. Sa nakaraang tatlong taon, bumaba ito sa 2% na bahagi ng netong FDI sa GDP mula sa 3.1% noong 2017 and 2.9% noong 2018. Kalakhan ng FDI ay nasa pagmamanupaktura ng eksport, na makikita ring halos bumagsak sa nakaraang tatlong taon, Sa nakaraang tatlong taon, bumaba ito sa 2% na bahagi ng netong FDI sa GDP mula sa 3.1% noong 2017 and 2.9% noong 2018. mula sa paglago na 19.7% noong 2017, 0.9% noong 2018, tungong 2.3% noong 2019. Tuluyan nang bumagsak ang eksport nitong Enero-Mayo 2020 nang 20.7 porsyento.

Hindi rin dapat asahan ang eksport para sa sustenableng pag-unlad dahil katulad ng nabanggit, nagsisilbing lokasyon lang ang Pilipinas ng mga dayuhang namumuhunan sa manupaktura at kalakal para sa murang lakas-paggawa. Ang produktong eksport ay binubuo rin naman gamit ang imported na komponent. Walang nalilikhang substansyal na kapital at teknolohiya para sa lokal na ekonomiya. Sa katunayan, isa rin sa neoliberal na mga patakaran ng pamahalaan bukod sa umasa sa dayuhang kapital ang umasa sa importasyon ng mga pangangailangan ng bansa – pagkain man, intermedyang kalakal o makinarya. Ito ang dahilan kung bakit kronikong negatibo ang balanse sa kalakalan.

Naitala ng gobyernong Duterte ang pinakamalalang depisito sa kalakalan sa buong kasaysayan noong 2018 (US\$43.5 bilyon), dulot na rin ng BBB na nakaasa rin naman sa mga imported na materyales at kagamitan. Pumantay lang ang depisito noong 2019 sa US\$40.7 bilyon. Asahang lalala ito sa 2020 at magdadagdag ng presyur hindi lang sa balanse sa bayarin kundi sa pangkalahatang kapasidad ng bansa na umunlad.

Umabot ng US\$30.1 bilyon ang OFW remittances noong 2019. Nasa 4.2% na lang ang taunang abereyds na paglago nito mula noong 2016. Mula ito sa rurok na 25% noong 2005 at palagiang mas mataas sa karaniwang 5% na paglago mula 2010 hanggang 2015. Nitong Abril 2020, bumagsak nang 16.2% ang OFW remittances sa US\$2.05 bilyon, pinakamalaking pagbagsak mulang nang lumiit ito nang 33.5% noong Enero 2001. Lubhang maaapektuhan ng COVID ang pagbyahe, trabaho sa labas ng bansa, at pag-deploy ng pamahalaan.

Suma total, bago pa man mag-COVID, bumabagal na ang ekonomiya mula 7.1% na paglago noong 2016, 6.9% noong 2017, 6.3% noong 2018, at 6.0% noong 2019, ang pinakamabagal sa loob ng walong taon. Pinadali ng COVID-19 ang pagbulusok nito sa -0.2% nitong unang kwarto ng 2020.

Walang positibong tantya ang mga nagpapautang katulad ng World Bank, International Monetary Fund (IMF) at ADB, at maski ng Development Budget Coordination Committee (DBCC) ng administrasyong Duterte. Sigurado, ayon sa kanila, uulong ang ekonomiya sa buong taon ng 2020, mula -1.9 hanggang -3.8 porsyento. Ito na ang pinakamalala sa loob ng 35 taon, mula noong 1984-1985 nang nag-negatibo ang GDP sa -7.3 porsyento. Kahit sa pinakamababang tantsa, ito na ang pinakamalalang pagguho ng ekonomiya.

Kaya naman, wala sa wisyo ang pagpapatuloy ng gobyernong Duterte ng programa sa imprasktraktura bilang economic stimulus, gayong napatunayan nang bigo ang BBB sa pagpigil ng pagbagal ng ekonomiya sa nakaraang apat na taon. Artipisyal na binubuhay ng gobyernong Duterte ang nananamlay na ekonomiya sa pamamagitan ng paggastos nito sa imprastraktura na umabot sa pinakamataas na antas na 4.7% ng GDP noong 2019. Mataas pa ito noong panahon ng diktadurang Marcos. Gusto pa ng gobyernong Duterte na umabot ito sa 7% ng GDP sa 2022.

Nakakabahala ito dahil ang depisito sa badyet na Php660.2 bilyon noong 2019 ay katumbas na ng 3.4% ng GDP. Umabot na ang depisito sa badyet sa Php562.2 bilyon ngayong Enero-Mayo 2020 pa lamang, di-hamak na malaki sa Php808.6 milyong sa parehong panahon noong 2019.

Ang lockdown ay humagupit sa empleyo. Subalit katulad ng ekonomiya, mahalagang banggitin na bago pa man ang COVID-19 ay matindi na ang krisis sa trabaho at kabuhayan na nararanasan ng masang anakpawis. Malaking bahagi (64.2%) ng mga manggagawang Pilipino ay *self-employed*, informal at hindi regular. Sa panahon ng lockdown, napakadali nilang mailagay sa mga work arrangements na “*no work no pay*”, bawas-sweldo, o tuluyang tanggalan.

Sa pagtataya ng IBON, may 18.9 milyong manggagawa ang apektado ng lockdown. Karamihan ay mga tindera o empleyado ng mga tindahan, *construction workers*, drayber, manggagawa sa restaurants, magsasaka, mangingisda, at manggagawa sa *export processing zones* (EPZs). Napasailalim sa lockdown ang 64% ng mga MSMEs sa buong bansa, na may 3.8 milyong manggagawa o 65% ng total na manggagawa ng mga MSMEs sa buong bansa.

Bago ang COVID, tinataya ng IBON na 4.7 milyong walang trabaho sa bansa, kasama na ang mga ayaw bilangin ng pamahalaan na walang trabaho. Sa ulat ng Philippine Statistics Authority (PSA) ngayong Abril 2020, tumaas ang opisyal na bilang ng walang trabaho mula 2.3 milyong noong Abril 2019 tungong 7.3 milyon. Pumalo sa walang-kapantay na 17.7% ang tantos ng kawalan ng trabaho.

Hindi kasama ryan ang 4.1 milyong manggagawa na hindi lumahok sa lakas-paggawa dahil sa lockdown at 2.6 milyon na hindi na binibilang ng pamahalaan na bahagi ng lakas-paggawa dahil ayon sa kanyang depinisyon ay hindi naman daw sila naghanap ng trabaho. Lalong naging tampok ang kabalintunaan ng ganitong depinisyon noong mag-lockdown. Sa taya ng IBON, aabot sa 14 milyon ang tunay na bilang ng walang trabaho. Kapag isinama ang 6.4 milyong manggagawa na kulang ang oras ng trabaho at naghahanap pa sana ng dagdag na trabaho, aabot sa 20.4 milyon – ang tunay na antas ng krisis sa trabaho.

Ang masaklap, ang ganitong kalubhang kalagayan ng paggawa ay mananaig sa matagal na panahon, dahil maraming trabaho ay hindi na mababawi o maibabalik. Katulad ng nabanggit, ang sektor ng serbisyo na syang pinakamalaking bahagi sa

ekonomiya at may pinakamalaking empleyo ay tatamasa ng matagalang epekto ng pandemya. Pero karamihan ng mga manggagawa ay informal at hindi regular, at katulad ng nabanggit inilalatag nito ang kondisyon na madaling tanggalin, baratin o supilin ang mga manggagawa.

Ang pamahalaan mismo ang nagpamalas nito sa pagtutulak nito ng mga patakarang neoliberal sa gitna ng krisis pangkalusugan. New normal daw na hindi na pabalikin sa pasada ang mga drayber ng dyip, para lamang maipatupad ang maka-korporasyong jeepney modernization. New normal din ang pleksibleng work arrangements at wala-sa-minimum na pasahod. Humaharap sa marahas na new normal ang mga manggagawa.

Sa monitoring ng IBON, may 20 malalaking kompanya ang nag-anunsyo ng pagsasara o tanggalan (*retrenchment*) dahil sa COVID-19. Ang mga ito ay hotels, *airlines*, kompanya ng bus, *car dealers*, transportasyon ng kalakalan, *ports*, at bangko. Sa mga nagbanggit ng bilang, umaabot ng 8,274 ang apektadong manggagawa. Ang iba naman, ang Bank of the Philippine Islands (BPI) halimbawa, ay nagtantya na mga 30% ng *workforce* nito ang maaaring tanggalin.

May 124,446 naman na OFWs ang umuwi ngayong Hulyo 2020 na iniulat ng DOH – 2,995 sa kanila ang nagpositibo sa COVID. Iniulat naman ng Department of Foreign Affairs (DFA) na halos aabot na sa 79,000 ang pinauwi o *repatriated* nang OFWs sa parehong buwan. May 8,869 migranteng manggagawa ang nasa ibang bansa na positibo sa COVID at 618 sa kanila ang namatay na sa sakit. Binabanggit ang mga datos na ito bilang silip sa maaaring sapitin din ng migranteng paggawa.

Matindi ang epekto ng pandemya sa dati na ring malawakan at malalim na kahirapan sa bansa. Subalit katulad ng datos sa empleyo, may kakaiba ring depinisyon ang pamahalaan sa kahirapan sa bansa. Ayon sa 2018 datos ng PSA, 16.7% na lang ng populasyon ang mahirap, katumbas ng 17.7 milyong katao o 3 milyong pamilya. Batay ito sa pamantayan na nagsasabing Php71 kada araw lamang ang kailangan ng isang tao para masabing sya ay hindi mahirap. Php50 dito ay para sa kanyang pagkain. Ang katawa-tawang pamantayang ito ang nagpababa sa bilang ng mahirap. Pinagtakpan nito ang tunay na kalagayan ng kahirapan sa bansa.

Gayunpaman, mayroon pa ring 18 milyong katao na walang Php71 sa isang araw. At kung tutuusin, ang natanggap na SAP ng mga pamilya ay katumbas lang ng Php9.56 kada araw sa bawat myembro. Mismong katawa-tawang pamantayan ng pamahalaan sa kahirapan ay hindi pa nito ginamit na batayan para sa halaga ng ayudang ipamimigay.

Sa huling taya ng IBON, Php1,028 ang *family living wage* sa NCR para sa isang pamilya na may limang myembro. Kulang na kulang ang opisyal na minimum na sahod sa rehiyon na Php537, o ang karaniwang arawang natatanggap na Php440. Lalong kulang ang Php359 kada araw para sa isang pamilya, na sinasabing pamantayan ng kahirapan.

Kung gagamitin lang ang taya ng World Bank na US\$2.50 kada araw (Php125 para sa isang tao o Php625 sa isang pamilyang may limang myembro), lalabas na kalahati sa bilang ng pamilyang Pilipino ay wala nito. Kung gagamitin naman ang Php1,028 family living wage sa NCR, halos 50% din ng pamilya sa rehiyon ang hindi kumikita ng ganito.

Samantala, sobrang yumaman ang mga dati nang super-mayaman makalipas ang apat na taon ng administrasyong Duterte. Sa 2015 datos ng Family Income and Expenditure Survey (FIES), may 596 na Pilipino na lampas Php2.5 bilyon ang yaman. Sa huling datos ng Forbes, ang 50 pinakamayayamang Pilipino ay may pinag-sama-samang netong yaman na Php4 trilyon. Katumbas ito ng pinagsama-samang kita ng 71 milyong mamamayan.

Matindi ang epekto ng mga *emergency* o kagipitan sa mga mahihirap. Nitong Mayo 2020 lang nang tumaas na naman ang presyo ng mga bilihin, mas malaki ang itinaas para sa 30% pinakamahirap na mga pamilya. Ayon sa PSA, ang karaniwang buwanang kita ng mga ito ay hindi tataas sa Php14,014. Ito ang kakarampot na kita na nawala pa sa lockdown, sabay hahagupit pa sa kanila ang pagtaas ng presyo ng bilihin. Nakaamba ang bansa sa pinakamalalang kalagayan ng kahirapan sa darating na matagalang panahon.

Subalit matigas ang gobyernong Duterte sa pagpapatuloy ng neoliberalismo – pagbubukas ng ekonomiya sa dayuhang pamumuhunan, dayuhang produkto at dayuhang korporasyon, pribatisasyon o pagpasa sa pribadong korporasyon

na syang mamahala sa mga panlipunang serbisyo at utilities, at pag-alis ng mga regulasyon ng pamahalaan sa mahahalagang industriya, sektor at usapin at hayaan ang mga korporasyon na mamayani sa ekonomiya. Apat na dekada na itong isinusulong ng pamahalaan ng Pilipinas sa pagdadahilan na ang mga prinsipyong ito ang magdadala sa bansa sa kaunlaran.

Pinabubulaanan ang pahayag ng neoliberalismo ng tindi ng krisis ng bansa. Walang sarili at matibay na produksyon ang bansa, walang trabaho at akses sa mga rekurso ang mamamayan, mababa ang kanilang sweldo at kita, walang panlipunang serbisyo, at laganap ang kahirapan. Ang mga pruwera na bangkarote ang neoliberalismo ay lalong umigting sa pagsilakbo ng pandemya.

At lalo lang pinabubulaanan ang neoliberalismo ng rumaragasang krisis mismo ng pandaigdigang ekonomiya. Bago pa man ang COVID, nasa matagalang resesyon na ito. Simula 2016, bumabagal ang pandaigdigang kalakalan at GDP, habang ang pandaigdigang FDI naman ay tatlong taon nang kumakaunti. Makikita rin sa pagtatapos ng 2019 na bumabalik ang delikadong antas ng global na utang ng mga gobyerno, korporasyon at sambahayan sa 322% ng GDP.

Pinalala ang mga ito ng tensyon sa kalakalan sa pagitan ng US at China na nagsimula noong 2018 at ngayon ng COVID-19. Tinataya ng mga multilateral na institusyon ang negatibo o pagbagsak ng pandaigdigang ekonomiya sa katapusan ng 2020, na mas malala pa sa nangyari noong 2008-2009 na krisis pampinansya o di kaya ay pinakamalala mula noong 1930s Great Depression. Pangungunahan ang pagguhong ito ng mga sentro ng kapitalismo, katulad ng US, China, Japan, at Europe.

Bago pa man mag-COVID, kapansin-pansin na rin ang tumitinding proteksyonismo sa iba't ibang bansa laluna sa mga abanteng kapitalistang bansa bilang kanilang direksyon sa harap ng tumitinding pandaigdigang krisis. Ibinabalik nila ang mga patakaran na magpaprayoratisa sa sarili nilang mga kapital, produksyon at ekonomiya at iwinawaksi ang ilang patakaran ng liberalisasyon sa kalakalan at pamumuhunan. Kabaliktaran ito ng mga nagdaang panahon ng neoliberal na globalisasyon. Kaya ilusyonado ang gobyernong Duterte sa pagpapatuloy nito na umasa sa pandaigdigang pamilihan at kapital at mekanikal na itaguyod pa rin ang neoliberal na kabukasan. Lalo pang tatampok ang kahangalang ito sa pagharap ng bansa sa kapinsalaan ng pandemya.

4 **Ano ang hakbang ng rehimeng Duterte sa pamumuno sa gitna ng rumaragasang krisis?**

Palakasin ang hawak sa poder. Isang kahindik-hindik na hitsura ang natunghayan ng mamamayan noong inanunsyo ni Duterte ang lockdown. Puros unipormadong militar ang humarap sa bayan, walang doktor o siyentista para sa pandemya.

Paghirang ng pamunuan ng mga heneral ang tugon sa COVID-19. Nag-deploy ng mga tropa ng AFP at PNP, tangke at maski *helicopter* para diumano tingnan ang kalagayan ng pandemya sa mga lugar. Nagpatupad ng *curfew* at lubhang pinigilan ang galaw ng mga komunidad nang wala namang isinasagawang malawakang testing, contact tracing at isolation. Sa isang panahon, mas marami pa nga ang sinita at ikinulong na diumano'y *violators* ng *curfew* at mga panuntunan ng lockdown keysa bilang ng ginawang testing. Nagaganap ang lahat ng panunupil na ito habang ang mga opisyal ng pamahalaan at militar at ang mga politiko ay patong-patong naman ang *violations* sa sarili nilang ipinataw na mga panuntunan.

Wala ring pagdadalawang-isip na ginagamit ng militar at pulis ang pagbabawal ng *mass gathering* na dahilan upang harasin, arestuhin at kasuhan ang mga myembro at *volunteers* ng mga progresibong grupo at NGOs na naghatid ng tulong sa mga komunidad. Tuluyan at tahasan na rin itong ginagamit na rason upang ipagbawal ang mga rali at kilos-protesta maski pa ang mga ito ay ginagawa ng mga progresibong grupo alinsunod sa physical distancing.

Kalaunan, ang mga komunista na, at hindi ang virus, ang tinutukoy na kaaway ni Duterte. Hindi angkop ang aksyong militar sa pandemya, katawa-tawa ito at malaking kahangalan, pero sa kalaunan ay naging malinaw na sinasadya ito ng rehimeng Duterte para pagmukhaing normal ang paggamit ng militar at estado poder at ipamukhang ang mamamayan ang bantang kalaban. Sa ganitong paraan, pinapalakas ng gobyernong Duterte ang kanyang hawak sa poder.

Ginamit ni Duterte ang pandemya na pagkakataon para itulak ang tunguhin nitong awtoritarianismo. Sa pamamagitan ng emergency powers, nailatag ang kontrol nya sa badyet at kaban ng bayan at sa mga ahensya ng pamahalaan na magpatupad pa ng paghihigpit sa pamamagitan ng neoliberal at mapanupil na mga patakaran. Naimpluwensyahan rin nya ang LGUs na magpasa ng mga ordinansa na mapaniil at labag mismo sa Konstitusyong katulad ng mala-tokhang na

pagbabahay-bahay ng mga pulis at sundalo at pag-aresto nang walang *warrant* sa diumano ay lumalabag na mga maysakit.

Bago pa man ang COVID, sistematiko at may-katiyakan na nitong ipinwesto ang mga heneral sa bukrasya at tiniyak ang kontrol sa Mababang Kapulungan, Senado, at Korte Suprema. May 73 opisyal ng militar at mga heneral ang nasa 46 na ahensya ng gobyernong Duterte, 38 dito ay matataas ang posisyon. Ito na ang pinakamaraming militar sa bukrasya sa panahon pagkatapos ng diktadurang Marcos.

Kasama na rian ang mga naatasang magpatupad ng mga panuntunan ng lockdown o tugon sa pandemya katulad ng OPAPP, DSWD, DILG, PhilHealth, maski ang Metro Manila Development Authority (MMDA) para sa trapiko. Si Department of Environment and Natural Resources (DENR) secretary Roy Cimatu ay dati ring heneral ng Philippine Army. Noong tumaas muli ang bilang ng kaso sa Cebu, sya ang ipinadala ng IATF.

Mayorya na ng Kongreso ay mga alyado ni Duterte. Madali nilang ipinapasa ang mga batas na tinutukoy ng presidente na *urgent* kahit ang mga ito ay hindi naman talaga importante para sa pandemya at krisis ng bansa. Ganundin ang Korte Suprema – mayorya na sa mga hurado ang hinirang ni Duterte.

Bago mag-COVID ay ipinasa ng gobyernong Duterte ang Memorandum Order (MO) 32 at Executive Order (EO) 70. Ang nauna ay nagmandato na taasan ang deployment ng mga tropang militar sa Samar, Negros at Bicol. Ang huli ang nagbuo ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF ELCAC) na nagmomobilisa ng lahat ng ahensya ng pamahalaan kontra-insurhensya. Ang NTF ELCAC ang aktibong nagbabansag na terorista at naninira sa mga ligal na organisasyon at aktibista. Bago pa ang COVID, sistematiko at tuloy-tuloy nang inaatake ni Duterte, ng kanyang mga heneral at alalay ang Kaliwa.

Subalit hindi lang Kaliwa at yaong mga kilalang progresibong organisasyon ang hindi tinatantanan. Pinatindi rin ng rehimeng Duterte ang pag-atake sa mga *civil society organizations* (CSOs) at NGOs, mga unibersidad, taong-simbahan, at midya. Tumaas ang bilang ng mga detenidong politikal at mga ipinakulong ng estado sa gawa-gawang kaso. Ginamit ang mga batas na nariyan na laban sa mga kritiko.

Sa ilalim ng gobyernong Duterte naitala ang pinakamataas na bilang ng pagpatay na isinasagawa ng mga pwersa ng estado o *extrajudicial killings* (EJKs) pagkatapos ng panahon ng diktadurang Marcos. Simula sa madugong *war on drugs* ni Duterte, hanggang sa pagpatay ng mga aktibista at sibilyan at mataas na bilang ng masaker ng mga magsasaka. Ang Pilipinas ang pinakamapanganib na bansa para sa mga nagtatanggol ng lupa at kalikasan, ayon sa Global Watch. Dito rin tinatakot, ikinukulong at pinapaslang ang mga nagtatanggol ng karapatang-pantao.

Ginamit ang pandemya upang mapagtibay ang awtoritaryanismong direksyon ng gobyernong Duterte. Gamit ang emergency powers, nakontrol ni Duterte at ng kanyang pangkatin ang pambansang badyet, nadiktahan ang LGUs, na-presyur ang mga ahensya ng pamahalaan na magpatupad ng neoliberal at mapaniil na mga patakaran. Sa panahon din ng COVID, napabitiw ang secretary ng National Economic and Development Authority (NEDA) na si Ernesto Pernia. Dito na rin pinalitan ang *spokesperson* ng presidente na si Salvador Panelo at ibinalik si Harry Roque. Samantala, nanatili ang palpak na DOH secretary. Doble-pagsusumikap ang gobyerno sa pagsasaayos ng linya nito sa komunikasyon para pagtakpan ang krisis at mga balakin nito. Sa harap ng pandemya rin pinatindi ng pamahalaan ang sistematiko nitong kampanya ng disimpormasyon.

Sa rurok ng pagkadisgusto at kritisismo ng mamamayan sa gobyerno, sa kung paano nito hinarap ang pandemya, ipinasa ang Anti-Terrorism Act of 2020, o tinaguriang *terror law* ni Duterte. Pinalawak ang depinisyon ng “terorismo” (Section 4) at ang mga aksyon na maaaring parusahan gamit ang problemadong depinisyon (Sections 5, 6, 7, 8, 9, at 10). Pinayagan ang paniniktik at pagharang at pagrekord ng komunikasyon ng mga pinagsususpetsahan (Section 16). Binigyan ang Anti-Terrorism Council (ATC), na hindi naman huwes, ng kapangyarihan na italaga kung sino o anong organisasyon ang “terorista” (Section 25). Pinayagan ang detensyon nang walang *warrant of arrest* at lampas sa 24 na araw nang walang kaso o akusasyon (Section 29). Inilatag nito ang lisensya para sa malawakang *crackdown* sa kanyang mga kritiko at sa mga tagapagbigay-linaw sa totoong kaganapan. Ito na ang pinakamasamang pagbawi ng mga karapatan, kalayaan at demokrasya na naipundar na ng sambayanang Pilipino.

Terorismo ng estado ang naging hakbang ng rehimeng Duterte sa harap ng pandemya. Mas arbitrario at mas brutal ang lawak ng *terror law* ni Duterte kesa

Martial Law ni Marcos. Layon nitong mapaigting ang nailatag nang sistematiko at may-katiyakang pag-atake sa mga demokratikong pakikibaka. Malawakan at garapalan ang nakitang pandaraya noong eleksyon 2019, kung saan naipwesto ang mga alyado at taga-suporta ng presidente. Malawakan ang pag-atake sa *press freedom* sa pagkakait sa ABS-CBN ng prangkisa na makapagpahayag. Malawakan ang pananakot sa mamamayan sa paggigiit nila ng kanilang mga karapatang sibil at politikal at kalayaang magpahayag at mag-organisa.

Dobleng pagtataksil naman ang ginagawa ng rehimen sa pambansang soberanya sa pagbibigay-kagustuhan sa US at China. Para hindi maipit sa nag-uuntugang bato, hindi muna itinuloy ng gobyernong Duterte ang banta nitong ipawalang-bisa ang Visiting Forces Agreement (VFA) sa US habang minamaliit naman ang mga panghihimasok ng China sa West Philippine Sea. Hindi lang mamamalas ang dobleng pagtataksil na ito sa pagbibigay ng gobyernong Duterte ng likas na yaman, palengke, negosyo, at teritoryo sa mga imperyalistang bansa at kanilang mga kapitalista. Lalong ipinamalas ng rehimen ang pagtataksil na ito sa pagpasa mismo ng terror law nito na ikinatutuwa parehas ng US at China.

Sa dulo, pansariling interes – yaman at poder – ang isinulong ni Duterte. Natutunghayang muli ng mamamayan pagkatapos ng diktadurang Marcos ang pag-atake ng isang presidente sa isang paksyon ng oligarkiya sa ekonomiya para lamang paboran ang sarili nitong paksyon at sirkulo. Tumindi ang kroniismo sa ilalim ni Duterte na mamamalas sa kung paano nito inaatake ang ilang mga oligarkong pamilya, nagpapanggap na anti-monopolyo, subalit sobra namang yumayaman ang kanyang mga pinapanigan. Nariyan ang pagkakaposisyon ng mga Villar sa negosyo at gobyerno. Nariyan din ang pagkakaposisyon ni Dennis Uy, ang numero unong taga-suporta ni Duterte noong eleksyong 2016, sa 50 pinakamayayamang Pilipino. Nariyan din kung paanong ang isyu ng prangkisa ng ABS-CBN, bukod sa pangunahing pangkitil ng *press freedom*, ay oportunidad upang maipasok ang kakamping oligarkiya sa kontrol at pagmamay-ari ng midya at paano ito makakasuporta sa mga ambisyon sa 2022.

5 Paano ito haharapin ng mamamayan?

Ang pagnanasa ng gobyernong Duterte na tumagal sa poder lampas pa sa 2022 gamit ang kapangyarihan ng estado, awtoritarianismo at pagbibigay-pabor

sa mga naghaharing uri ay matindi at garapal. Lalo itong tumampok dahil sa pangkalahatan ay ginamit pa ng gobyernong Duterte ang pandemya upang isulong ang ambisyon nito.

Subalit sa kabila nito, mamamalas ang paglapad ng alyansa at pagkakaisa ng mga organisasyong masa at kanilang pagkilos laban sa tiranya at pang-aabuso. Nagsisimula ito sa paniningil sa kapabayaang pamahalaan na harapin ang COVID at alagaan ang mamamayan sa halip na isalba ang tubo at sarili. Sinusundan ito ng paniningil at paglalantad sa mga kasinungalingang inilalako ng estado para lamang makapaghugas-kamay ito sa patong-patong nitong na mga kasalanan. Lalo na sa pagkitil ng press freedom, nahahamon ang kilusang masa na itaas ang antas ng propaganda at midya sa pagbibigay-linaw sa mga isyu at pangyayari. Tuloy-tuloy din ang mga sesyong edukasyon at porum, maski pa ipinagbabawal ang mass gathering, upang magmulat at magpataas ng pang-unawa. Mangangailangan ito ng mga mapanlikhang paraan at plataporma.

Sa pagtindi ng paghahangad ng higit pang yaman at kapangyarihan ng nasa poder, lalong nagbubuklod ang masang pinagsasamantalahan at api. Tumitibay at nagkakaisa sa isang layunin ang oposisyon, at ito rin ang nagpapalawak ng mga organisasyon at indibidwal na naaabot. Napatunayan na sa kahit anong yugto ng kasaysayan at kahit anong bahagi ng mundo na walang nagtatagumpay na tiranya. Ito lang din ang dahilan sa pagkakaisa at pag-alsa ng nagkakaisang mamamayan at mitsa ng sariling pagkagupo.

Napatunayan din ng kilusang masa na kaya ang disiplinadong mobilisasyon at mapayapang pagtitipon upang ipahayag ang mga protesta, hinaing at alternatiba. Kasama sa mobilisasyon, bukod sa rali, ang pagbibigay ng tulong-materyal, ligal, sikolohikal at moral sa masang pinabayaang inaapi ng gobyerno. Kasama rin dito ang mga aksyong kultural bilang kilos-protesta at larangan ng pagmumulat.

Isa ang Pilipinas sa mga bansang tumitindi ang direksyong awtoritaryan at namamalas din ang protesta at pagbangon ng iba't ibang mamamayan sa mundo. Ang Pilipino ay nasa kahusayang magpalakas at magtaguyod ng internasyonal na pagkakaisa para sa pagbawi ng kalayaan at demokrasya.

